

May reklamo ka ba na hindi gumamit ng tagapagsalin sa serbisyong pangkalusugan?

Fylkeslegen (Punong mangagamot) sa Helsetilsynet (Tagapag-taguyod ng kalusugan) sa lalawigan na iyong tinitirhan (www.helsetilsynet.no)
 Pasient- og brukerbudet (Komisyon para sa mga pasyente at taga-gamit ng serbisyong panlipunan at pang-kalusugan), sa lalawigan na iyong tinitirhan (www.pasientogbrukerbudet.no)
 Sivilombudsmannen (Ombudsman ng parlamento): 22 82 85 00
 Libreng numero: (+47) 800 800 39
 Likestillings- og diskrimineringsombudet (Komisyon para sa patas na oportunidad at laban sa pagdiskrimina) tel: 24 05 59 50
 Organisasjonen Mot Offentlig Diskriminering (Organisasyong laban sa pandiskrimina ng publiko) (OMOD) tlf: 22 20 87 37, www.omod.no

May katanungan ka ba tungkol sa iyong mga karapatan?

Pasient- og brukerbudet (Komisyon para sa mga pasyente at taga-gamit ng serbisyong panlipunan at pang-kalusugan), sa lalawigan na iyong tinitirhan (www.pasientogbrukerbudet.no)
 Organisasjonen Mot Offentlig Diskriminering (Organisasyong laban sa pandiskrimina ng publiko) (OMOD) tel: 22 20 87 37, www.omod.no

May reklamo ka ba sa kalidad at kakayanan ng tagapagsalin?

Maari kang magreklamo sa institusyon na kung saan ka pasyente.

Mga batas tungkol sa karapatan ng pasyente at katungkulan ng mga empleyado sa kalusugan

Lov om pasientrettigheter (Batas tungkol sa karapatan ng pasyente)
 Lov om helsepersonell (Batas tungkol sa katungkulan ng mga empleyado ng kalusugan)

Ang brosyur na ito ay mababasa sa mahigit na 20 wika at maaring i-download sa:
www.nakmi.no
www.helsedirektoratet.no



Pasyente at tagapagsalin

Isang brosyur tungkol sa tagapagsalin sa serbisyong pangkalusugan

PASYENTE AT PAGSASALIN

- Nararapat na mabigyan ka ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan at pagpapagamot sa salitang iyong naiintindihan.
- Ang serbisyo ng pangkalusugan ang may katungkulan at responsibilidad na kumuha ng tagapagsalin
- Ang serbisyo ng tagapagsalin ay libre para sa mga pasyente
- Maari kang tumawag sa serbisyo ng pangkalusugan at hilingin na sila ay kumuha ng tagapagsalin.
- May karapatan ka sa tagapagsalin kahit na ikaw ay nagsasalita ng Norwego araw-araw. Lalong lalo na kung ikaw ay may sakit na malubha at mahirap lunasan, at kung ang usapan ay tungkol sa karamdaman sa pag-iisip.
- Ang isang kuwalipikadong tagapagsalin lamang ang pwedeng gamitin na tagapagsalin.
- Hindi maaring gamitin na tagapagsalin ang isang bata
- Katungkulan ng mga empleyado ng kalusugan na magbigay ng wastong tulong sa pangkalusugan. Kung ayaw mong gumamit ng tagapagsalin, dapat ipagbibigay alam sa iyo na ito ay maaaring magdulot ng di kanais-nais na kahihinatnan para sa iyong kalusugan.
- Maaari ring gumamit ng tagapagsalin sa telepono kung hindi makakapunta nang personal ang tagapagsalin.
- Kung hindi ka makakarating sa usapan, kailangan mo itong ikansel ng hindi kukulangin ng 24 oras bago dumating ang takdang oras. Kung hindi ay magbabayad ka para sa konsultasyon.

PAANO KA MAKAKAKUHA NG LUBOS NA PAKINABANG SA USAPAN NA MAY TAGAPAGSALIN?

- Sabihin mong maigi sa empleyado ng kalusugan kung anong wika ang iyong salita. Kung dadalo ang iba pang miyembro ng pamilya sa usapan, marapat na kumuha ng tagapagsalin na naiintindihan ng buong pamilya.
- Dumating sa takdang oras
- Planuhin kung ano ang iyong gustong talakayin sa konsultasyon
- Gumamit ng maiikling pangungusap at hindi maraming sunod-sunod. Sa pamamagitan nito ay madaling maisalin ng tagapagsalin ang usapan sa wastong paraan

ANO BA ANG TAGAPAGSALIN AT ANO ANG KANYANG KATUNGKULAN?

- Ang isang kuwalipikadong tagapagsalin ay taong may tinapos sa pagiging tagapagsalin at may karanasan sa pagsasalin.
- Sa umpisa ng usapan sasabihin ng tagapagsalin sa parehong wika ang patakaran ng pagsasalin
- Ang tagapagsalin ay hindi papanig sa kahit kanino sa usapan
- Ang tagapagsalin ay may katungkulan ng pagkalahim. May pataw na parusa ang paglabag sa katungkulanang ito.
- Ang tagapagsalin ay isasalin ang lahat ng sinasabi, ngunit hindi ito magbibigay ng payo o kaya magdaragdag ng sariling opinyon.
- Ang tagapagsalin ang maari lamang magsalin at hindi maaring gumanap ng iba pang katungkulan para sa pasyente o para sa empleyado ng kalusugan.
- Hindi dapat pigilin sa pagsasalita ang tagapagsalin, ngunit dapat itong bigyan ng sapat na panahon na maisalin ang sinasabi ng mga partido sa usapan
- Ang lahat ng katanungan ay dapat ideretso sa empleyado ng kalusugan at hindi sa tagapagsalin